

Ang mga Kailangan sa Pagsaliksik ng Dunong

□ Ang taong nangangarap na magsaliksik ng dunong, bilang unang hakbang, ay nararapat na dumaan ng pagdadalisay na espiritwal, magtanim ng *taqwa* (takot sa Panginoon) sa kanyang kaluluwa, iligtas ang sarili sa mga masasamang hangarin at makamundong motibo, at madalas na tayahin ang sarili nang masiyasat kung ang dunong niya ay tinamo para sa mga makamundong motibo o hindi. Dapat ding tandaan na ang takot sa Panginoon ay isang natatanging katangian ng isang *‘alim* (taong may dunong) at sinumang walang takot sa Panginoon ay hindi mabibilang sa pangkat ng mga may dunong, kahit na gaano pa ang kanyang naisaulo o kagaling sa pagtalumpati.

□ Sa bawat hakbang ng pagsaliksik ng dunong, nararapat na magmuni-muni at mag-isip nang malalim hinggil sa iyong *pangunahing* layunin sa pagsaliksik ng dunong. Tanungin ang sarili: Bakit ako nagsasaliksik ng dunong? Para ba ito sa pagkamit ng mas magandang katungkulan sa trabaho, pakipagpaligsahan sa kasama o isang grupo, pagkamit ng gantimpala, titulo, o katayuan sa lipunan? Kung ikaw ay nasa mataas na antas ng edukasyon, ito ba ay para lamang pagsulat ng mga aklat at sanaysay at pagbigay ng mga talumpati upang mapuri bilang lalaki o babaeng may dunong? O di kaya ito ay para sa kaluguran ng Panginoon at paglilingkod sa Kanyang mga nilalang?

□ Ang natamo mong dunong ay dapat na magpatnubay sa iyo na maging mas mabuti, magsagawa ng taos-pusong mga gawain at mas magmahal at matakot sa Panginoon habang tumatagal. Ang dunong na hindi mag-akay sa taong gumawa ng mga mabuti ay hindi tunay na dunong. Ang dunong na natatakda sa mga salita lamang at wala sa gawa —sa paglilingkod sa mga nilalang ng Panginoon ay ang pinakamababang antas ng dunong na nawawala paglipas ng panahon.

□ Pagmasdan ang kilos habang nagtatamo ng dunong. Nagiging mas mapagkumbaba ka ba at mapagtimpi tungo sa mga kaibigan at kasamahan? O di kaya ay naging mas mayabang ka, mapagmalaki at maargumento? Naging mas mahirap ba para sa iyong tumanggap ng katotohanan at umamin ng kamangmangan sa isang pagtitipon? Mas lalo ka bang naiinggit sa mga taong mas marunong? Tandaan na ang egoismo ay napapawi at nabubura ng tunay na dunong at ang palatandaan sa kilos ng tunay na dunong ay ito: walang-walang egoismo, banidad, pagkamakasariili, at kayabangan.

□ Habang tinatahak ang landas ng dunong, laging magtiwala sa Panginoon, gumalang sa iyong guro, at huwag mahiyang magtamo ng dunong kahit na sa mas nakakabata. Suriin at munimunihin ang anumang natutunan. Laging humingi ng tulong sa Panginoon sa pamamagitan ng Kanyang banal na habag at handugan ka ng magagandang mga isipan, at iligtas ka mula sa paggamit ng natamong dunong para sa mga makamundo at makasariling motibo.

Konklusyon:

□ Sinabi ng Imam ‘Ali (‘a): “Ang taong maglalakbay para sa pagsaliksik ng dunong ay katulad ng taong nakikibaka sa landas ng Allah.” [Al-Majlisi, *Bihar al-Anwar*, tomo 1, p. 179]

Para sa karagdagang kaalaman hinggil sa autentikong Islam, dumalaw sa:

<http://al-islam.org/faq/>

v1.0

...*At matakot sa Panginoon,
(nang sa gayon) kayo ay Kanyang tuturuan...*
(Qur’an, 2: 282)

Ang Banal na Propeta (s) ng Islam ay nagsabi: “Ang pagsaliksik ng dunong ay tungkulin ng bawat lalaki at babaeng Muslim.”
[Al-Majlisi *Bihar al-Anwar*, tomo 1, p. 177]

Mga Kabutihan ng Kaluluwa...

Pagsaliksik ng Dunong

Ayon sa mga katuruan ng Islam, ang pagsaliksik ng dunong ay isa sa mga dakilang uri ng pananampalataya na aakay sa tao tungo sa Paraiso. Subalit, ang layunin ng pagsaliksik ng dunong ay mas mahalaga kaysa dunong mismo. Ang pagsaliksik ng wastong dunong nang may banal na layunin, para sa kaluguran ng Panginoon at paglilingkod sa Kanyang mga nilalang, ay aakay sa tao patungong Paraiso kasama ng mga propeta at santo (*awliya*). Subalit ang pagsaliksik ng dunong para sa mga motibong pansarili, makamundo, o pangmundo ay aakay sa tao tungo sa kamangmangan, mga kasalanan laban sa mga nilalang ng Panginoon, at sa wakas, sa impiyerno.

Ang Katotohanan ng Dunong

❑ Sinabi ng Propeta Muhammad (s): “Ang dunong ay hindi (natatamo) sa pamamagitan ng malawakang pag-aaral. Kundi, ito ay isang liwanag na ibinabahagi ng Panginoon sa puso ng sinumang nais Niyang patnubayan.” [Al-Majlisi, *Bihar al-Anwar*, tomo 67, p. 140]

❑ Ang lahat ng mga sangay ng dunong, anumang uri ng mga ito, ay mahahati sa dalawang pangkalahatang pangkat: (1) ang mga siyensiya ng kabilang-buhay na ang tunay na layunin ay pagkamit ng mga matataas na katayuan malapit sa Panginoon, paglingkod sa mga nilalang ng Panginoon, at pagkamit ng mga gantimpala sa kabilang-buhay; at (2) ang mga pangmundong siyensiya na ang tunay na layunin ay pagkamit ng mga pangmundong layunin, kayamanan, katayuan sa lipunan, at pagbigay-kasiyahan sa mga hangaring pangsarili at makasarili. Kaya, ang hangad sa pagsaliksik ng dunong ang nagsasagawa nitong maging pangmundo o pangkabilang-buhay.

❑ Bawat kaluluwa na patuloy sa pagdalisay sa sarili mula sa mga masasamang gawi at kasakiman ay makakatamo ng mga pamukaw-siglang maka-anghel. Kaya ang dunong na makakamit nito ay ang tunay at maka-Diyos na dunong dahil ito ay gagabay sa kanya sa pagsasagawa ng mga mabuting gawi at aakay sa kanya tungo sa Panginoon. Ang tunay na dunong na ito ang espiritwal na lampara ng patnubay na magturo ng tuwid na landas sa kanya at sa tahanan ng Kanyang kaligayahang lubos.

❑ Ang kaluluwa na pinamamayanihan ng kasakiman at masasamang gawi ay nakakatamo ng pamukaw-siglang maka-Satanas na aakay nito sa tambalang kamangmangan (pagiging mangmang at mangmang sa sariling kamangmangan) at sa mga nagpapalabong takip na bubulag nito sa mga katotohanan ng banal na layunin sa paglikha, pinakadiwa ng Panginoon, at buhay sa kabilang mundo. Kaya, ang anumang dunong na matutunan ay aakay nito sa pagkamit ng mga pangmundong layunin, pangsariling hangarin, at masasamang gawi, at sa katapusan ay gagabay sa kanya tungo sa impiyerno.

❑ Sinabi ng Propeta Muhammad (s): “Sa katotohanan, ang dunong ay binubuo ng tatlong mga ito: ang ‘matatag na palatandaan’, ang ‘nararapat na tungkulin’ at ang ‘naitatag na pamamaraan’. Ang mga iba ay hindi kailangan.” [Al-Kulayni, *al-Kafi*, tomo 1, “*kitab fadl al-‘ilm*,” “*bab sifat al-‘ilm wa fadluh*,” *hadith* # 1]

❑ Ang pananalitang ‘matatag na palatandaan’ ay nagpapahiwatig ng mga siyensiyang rasyonal, mga wastong doktrina at mga banal na katuruan. Ang ‘nararapat na tungkulin’ ay nagpapahiwatig ng siyensiya ng etika at pagdadalisay sa sarili. Ang ‘naitatag na pamamaraan’ ay nagpapahiwatig ng mga siyensiyang may mga aspetong makamundo at may napapaloob na uri ng pisikal na aktibidades. Minsan, ang pagtamo ng dunong ay nagiging ‘nararapat na tungkulin’ at sa ibang panahon ay isang ‘naitatag na pamamaraan’.

❑ Ang mga siyensiya ng medisina, anatomiya, astronomiya, astrolohiya, atbp., kapag titingnan ang mga ito bilang mga banal na palatandaan at simbolo, at ang mga siyensiyang may kinalaman sa kasaysayan at mga sibilisasyon, kapag titingnan bilang mga paraan sa pagkakamit ng mga aral at babala, ay mabibilang sa kategorya ng ‘matatag na palatandaan’ sapagkat sa pamamagitan nila, ang kaalaman hinggil sa Panginoon o muling-pagkabuhay ay matatamo o mapatunayan.

Ang mga Kabutihan ng Pagsaliksik ng Tunay na Dunong

❑ Sinabi ng Propeta Muhammad (s): “Sinumang lalakbay sa pagsaliksik ng dunong ay gagawin ng Panginoon naglalakbay patungong paraiso. At sa katotohanan, ibubuka ng mga anghel ang kanilang mga pakpak dahil sa kagalakan. Sa katotohanan, ang bawat nilalang sa langit at mundo, at maging ang mga isda sa karagatan, ay humihingi ng kapatawaran para sa kanyang nananaliksik ng dunong. Ang katangian ng ‘*alim* (pantas) kung ihambing sa ‘*abid* (mananampalataya) ay katulad ng katangian ng buwan kung ihambing sa mga bituin sa gabing bilog ang buwan. Ang mga pantas ay tagapamana ng mga propeta, dahil sa ang mga propeta ay hindi umiwan ng kayamanan kundi dunong. Kaya, sinumang lumahok dito ay makapagkamit ng napakaraming kapakinabangan.” [Al-Kulayni, *al-Kafi*, tomo 1, “*kitab fadl al-‘ilm*,” *hadith* # 1]

Ang mga Moral na Katangian ng Tunay na Dunong

❑ Ang dunong, kapag tinatamo ito sa pamamagitan ng mga hangaring dalisay, di maimbot at banal, ay babago sa personalidad ng isang tao at siya ay magiging isang makalangit na nilalang. Ang taong may dunong na yaon ay magiging sagisag ng mga katangiang banal, at ang kanyang ugali, mga salita at kilos ay nagpapahayag ng mga ito.

❑ Madalas sabihin ng Imam ‘Ali (‘a): ‘O nananaliksik ng dunong! Ang dunong ay may maraming mga kabutihan. (Kung iyong ipalagay ito bilang isang tao) ang kanyang ulo ay kababaang-loob, ang kanyang mata ay kalayaan mula sa inggit, ang kanyang tainga ay pag-unawa, ang kanyang dila ay katapatan, ang kanyang memorya ay pagsusuri, ang kanyang puso ay magandang layunin, ang kanyang pag-iisip ay kaalaman (*ma‘rifah*) sa mga bagay-bagay, ang kanyang kamay ay pagkahabag, ang kanyang paa ay pagdalaw sa mga marunong, ang kanyang pasiya ay integridad, ang kanyang karunungan ay kabanalan, ang kanyang tahanan ay kaligtasan, ang kanyang makapangyarihan ay kapakanan, ang kanyang sasakyang kabayo ay pagkamatapat, ang kanyang sandata ay kalumayan ng pagsasalita, ang kanyang espada ay kaluguran (*rida*), ang kanyang palaso ay pagpaparaya, ang kanyang hukbo ay pagtatalo sa mga pantas, ang kanyang kayamanan ay mabuting mga asal, ang kanyang puhunan ay pag-iwas sa mga kasalanan, ang kanyang baon sa paglalakbay ay kabutihan, ang kanyang inuming tubig ay kahinahunan, ang kanyang patnubay ay ang banal na patnubay, at ang kanyang kasama ay pagmamahal sa mga pinili (ng Panginoon).” [Al-Kulayni, *al-Kafi*, “*kitab fadl al-‘ilm*,” “*bab al-nawadir*,” *hadith* # 3]

❑ Tinanong ang Propeta ng Allah (s): “Ano ang dunong?” Kanyang sinagot: “Ang hindi pagkibo.” Siya ay tinanong: “Pagkatapos?” Kanyang sinabi: “Ang masinsinang pakikinig.” Siya ay tinanong: “Pagkatapos?” Kanyang sinabi: “Ang pag-alaala.” Siya ay tinanong: “Pagkatapos?” Kanyang sinabi: “Ang pagsasagawa (ng anumang natutunan).” Siya ay tinanong: “Pagkatapos?” Kanyang sinabi: “Ang pagpapalaganap.” [Al-Majlisi, *Bihar al-Anwar*, tomo 2, p. 28]

❑ Madalas sabihin ng Imam ‘Ali (‘a): “May tatlong palatandaan ang taong may dunong: “Dunong, pagtitimpi at kawalang-imik”. [Ibid, tomo 2, p. 59]

Bawal ang Pagsaliksik ng Dunong para...

Ayon sa mga katuruan ng Pamilya (*Ahl al-Bayt*) (‘a) ng Propeta (s), bawal ang pagsaliksik ng dunong para sa mga hangaring makamundo o makasarili.

❑ Sinabi ng Imam ‘Ali (‘a): “Huwag magsaliksik ng dunong para sa apat na layuning ito: (1) pagpupuri sa sarili sa harapan ng mga taong may dunong; (2) pakikipagsabwatan sa mga mangmang; (3) pagparangya sa mga pagtitipon ng tao; at (4) pagtawag-pansin sa mga tao upang makakamit ng kapangyarihan.” [Al-Majlisi, *Bihar al-Anwar*, tomo 2, p. 31]